Maynila
Ni Clarence M. Batan

Dise-sais anyos ako nang lumayo sa bahay
Doon sa Maynila, nag-aral, nagsunog ng kilay.
Noong una, ako'y nahirapan.
Wala na kasi si Mama para
maghanda ng aking damit, pagkain at magpapaalalang -
"Mag-aral ka nang mabuti
para sa iyong kinabukasan".
Kinalaunan, nasanay na rin ako.
Pagluluto aking natutunan
pati nga ang pag-iipon ng pera mula sa limitadong baon.
Di lang Binangonan ang nakabisado kong lugar,
pati na ang binabahang mga kalye ng Dapitan at Laong-laan.
Ang mapanganib na Quiapo, Recto, Divisoria at Malate
unti-unti kong nilakaran hanggang
sa mapamanhid ko ang buong katawan
sa talim at polusyon ng
Kamaynilaan.

Ngayon, di lang ako probinsiyano, Manileño na rin!
Nakulayan na ang kanayunan kong pag-iisip ng urbanisasyon.
Dati sariwang hangin ang sa aki'y nagbibigay-saya,
pero ngayon, hinahanap hanap na ng aking katawan,
ang pekeng malamig na hangin mula sa aircon.
Kumumplikado na nga ang dati kong simpleng buhay.

Isinulat sa Tim Horton’s (Osborne, Halifax)
September 5, 2009